# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

## Mga Salitang Magkasalungat

*Panuto:* Isulat sa patlang ang kasalungat ng salitang may salungguhit sa pangungusap.

1. _____ Ang mga trapo sa lababo ay <u>marumi</u>.
2. _____ <u>Maliit</u> na sa akin ang mga damit na ito.
3. _____ Bagong laba ang pantalon mo kaya <u>basa</u> pa ito.
4. _____ Mas <u>matangkad</u> sa iyo si Martin.
5. _____ <u>Mura</u> ang mga pagkain sa kantina.
6. _____ Ang mga dyaryo at magasin na ito ay <u>luma</u> na.
7. _____ <u>Sobra</u> ang pagkaing inihain sa pagdiriwang ito.
8. _____ <u>Malapit</u> lang dito ang bahay ni Danny.
9. _____ Ang puting bulaklak na ito ay <u>mabango</u>.
10. _____ Dati pang <u>sira</u> ang lumang telebisyon sa sala.
11. _____ Ang paninigarilyo ay <u>masama</u> sa katawan.
12. _____ <u>Marami</u> pang tao ang nakapila sa labas ng sinehan.
13. _____ Ang mga gulay sa palengke ay <u>sariwa</u>.
14. _____ <u>Matanda</u> na ang nag-aalaga ng hardin sa simbahan.
15. _____ Masyadong <u>mahina</u> ang boses ni Wally.
16. _____ Ang asong nagtatago sa ilalim ng mesa ay <u>duwag</u>.
17. _____ <u>Madilim</u> sa loob ng sinehan.
18. _____ Ang mga mag-aaral sa silid-aklatan ay <u>tahimik</u>.
19. _____ <u>Madali</u> ka lang ba sa telepono?
20. _____ Lumilipad ang mga paniki tuwing <u>gabi</u>.

Talâ: magkasalungat - *having opposite meanings*

© 2011 PLN, www.samutsamot.wordpress.com